ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
FILIPINO 6
Anyo o Kayarian ng Pangngalan

Piliin ang pangngalan sa pangungusap na tumutugon sa anyo o kayariang nasa loob ng panaklong. Isulat sa nakalaang kahon ang wastong sagot.

__________________ 1. Ang magkakapatid ay magkatulong na nagrarasyon ng tinapay sa bahay-bahay sa Barangay Talon Singko. (**maylapi**)

__________________ 2. Nagtatalo-talo ang mga tao sa bayan hinggil sa mga bali-balitang pagdating ng El Niño. (**inuulit**)

__________________ 3. Ang mga kamag-anak ay tulong-tulong na naghanap ng pambili ng gamot para sa mag-inang nasa bingit ng kamatayan. (**payak**)

__________________ 4. Dinalhan ng sari-saring pagkain ng mga mapagkawanggawa ang mga ulila sa bahay-ampunan. (**tambalan**)

__________________ 5. May lalaking tumulong sa mag-asawang mailipat ang kanilang mga dala-dalahan sa dumating na bus. (**inuulit**)

__________________ 6. Dinagdagan ng katulong ang mga banga sa halamanan bilang pagsunod sa ipinag-uutos mo. (**payak**)

__________________ 7. Hindi inakala ng mga madre na ang bagong guwardiya sa kumbento ay isa palang bantay-salakay. (**tambalan**)

__________________ 8. Ang kalayaan ng bansa ay ipinagdiriwang taon-taon mula noong 1898. (**maylapi**)

__________________ 9. Labis na minamahal ng ginang ang anak-anakang ngayon ay malapit nang makatapos sa pag-aaral. (**inuulit**)

__________________ 10. Ang pinuno ng pangkat ay nagpahayag ng kasiyahan sa kinalabasan ng kanilang pananaliksik. (**payak**)

LIVEWORKSHEETS